lalawigan ng san diego



mga drain insert

Ang mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala (BMP) na Pang-istruktura ng Stormwater ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.

Pinapanatiling Malinis ng mga BMP ang Ating mga Daanan ng Tubig

Ang inyong mga BMP ay dinisenyo upang makasala ng mga pollutant bago ito makapasok sa storm drain system. Bilang isang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, hinihingi ng mga regulasyon ng Lalawigan na **magsagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga BMP.

Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang drainage insert sa inyong propyedad. Upang tulungan kayong magmentena ng BMP na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa BMP at kung paano mantenahin ang mga ito.

Paano Gumagana ang Inyong BMP na Drainage Insert

Ang mga BMP na drainage insert ay nangangalaga sa ating mga lokal na daanan ng tubig sa pamamagitan ng pagsala ng basura at dumi bago ito makapasok sa storm drain system. Sa pagdaan ng tubig sa insert, nasasala ang mga malalaking debris at naitatago hanggang sa maalis ito kapag may mga gawain para sa pagmementena. Ang mga BMP na drainage insert ay kadalasang makikita sa loob ng mga inlet point sa lokal na storm drain system.

salamat sa pagggawa ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig

mas marami pang impormasyon > > >

20DIS2016

lalawigan ng san diego



salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

mga drain insert

Hanapin at Mantenahin ang Inyong BMP

Upang hanapin ang inyong drainage insert, tingnan ang loob ng mga storm drain inlet na nasa inyong propyedad. Kadalasang maraming basura at debris ang makikita dito.

Kapag nakita niyo na ang inyong BMP na drainage insert, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng inyong BMP na drainage insert sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na dapat gawin:

- **Alisin ang anumang naipong kalat o debris.**
- **Papalitan sa ekspertong kontraktor ang anumang sirang bahagi ng BMP, kabilang na ang lumang tela na pansala.**
- **Kung gumagamit ang inyong insert ng mga materyales na sorbent, kontakin ang isang ekspertong kontraktor at papalitan ang mga ito (kapag kailangan).**

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tignan ang form na patunay ng pagmementena o plano ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Bawat taon, ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ay magpapadala sa inyo ng form na patunay ng pagmementena na sasagutan, pipirmahan, at ibabalik sa Lalawigan. Ang form na ito ay ginagamit upang mapatunayan na nagawa ang kinakailangang pagmementena sa inyong BMP.

Ang hindi paggawa ng kinakailangang pagmementena ng inyong BMP ay maaring magdulot ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon.

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
1-858-495-5323
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
https://www.sandiegocounty.gov/stormwater

20DIS2016